Oktubre-Nobyembre 2024 issue (Inilabas sa Setyembre) Inilabas ng dibisyon ng pamumuhay ng ibat ibang kultura ng Sentrong Pandaigdig ng Kawasaki フィリピン語版

(Pampublikong samahan) Asosasyong Pandaigdig sa lungsod ng Kawasaki

KIAN

# Kumusta Kawasaki

Nakalathala sa Nihonggo・Ingles・Intsik・Korean・Espanyol・Portugis・Filipino
Betnamis・Taylandis・Indonisya・Nepalis・Madaling-Hapon
Makikita rin sa website ng Asosasyon https://www.kian.or.jp/hlkwsk.html
〒211-0033 2-2 Kizuki Gioncho, Nakahara-ku, Kawasaki-shi, Kanagawa Pref.
Tel:044-435-7000 Fax:044-435-7010 https://www.kian.or.jp/ E-mail:kiankawasaki@kian.or.jp

*******************************************************************************

### Ika-100 na anibersaryo ng Lungsod ng Kawasaki at ika-30 anibersaryo ng Sentrong Pandaigdig ng Kawasaki

## 2024 Internasyonal Festival sa Kawasaki

Sa paggunita ng ika-100 anibersaryo ng lungsod, magtatanghal ng entablado na espesyal na mga panauhin na sina Jun Kanzaki at 10 carats, mga musika at sayaw mula sa ibat-ibang bansa at rehiyon, mga anunsyo ng aktibidad ng mga pribadong organisasyon, mga lutuin ng ibat-ibang bansa, stamp rally atbp. Isang kaganapan para sa bata hanggang sa matanda.

Kailan：Nobyembre 17, 2024（Linggo）10:00am - 4:00pm

Saan ：Sentrong Pandaigdig ng Kawasaki

Nilalaman： • Review show ni Jun Kanzaki at 10carats（Fabulous Revue Boys）

- Mga lutuin ng ibat-ibang bansa（Food truck）
- Mga produkto mula sa ibat-ibang bansa（Mga paninda ng mga katutubong sining at accesories mula sa ibat-ibang bansa）
- Etnikong musika at sayaw ng ibat-ibang bansa, shadow puppet, Taiko performance at tradisyonal na sayaw ng hapon.
- Kimono dressing, tea ceremony, futmesa at atbp.
- Konsultasyon para sa mga dayuhan sa pang araw-araw na buhay、at konsultasyon sa status ng paninirahan



Organizer： International Festival Executive Committee (Kawasaki International Konsela ng Pribadong Organisasyon • Sentrong Pandaigdig ng Kawasaki）

*******************************************************************************

## Para sa mga dayuhang bagong lipat sa Kawasaki
## Magdaraos ng makadawalang Life Orientation sa Nobyembre

～Tatalakayin ang basic na impormasyon na kapaki-pakinabang sa pang-araw-araw na pamumuhay





■1st Petsa: Nobyembre 17（Linggo）10:00am-4:00pm
Lugar: 1F Lobby, Sentrong Pandaigdig ng Kawasaki
（International Festival）

■2nd Petsa: Nobyembre 29（Biyernes）9:30am-12:30pm
Lugar: 2F Lobby, Miyamae Civic Hall

Libre at hindi kailangan ng reserbasyon
Para sa katanungan: Sentrong Pandaigdig ng Kawasaki
Telepono : 044-455-8811
E-mail: soudan39@kian.or.jp






# Mga aksiyon na dapat gawin bago at pagkatapos ng “sakuna” at kapaki-pakinabang na impormasyon “Maghanda! Kawasaki”

## Ang disaster prevention handbook ng lungsod ng Kawasaki para sa mga Dayuhan ay makikita sa mga ward office.

Nakasalin/nakasulat ito sa Ingles, Chinese, Korean, Portugues, Espanyol at Filipino.

◆ Ang ”Disaster Prevention Portal Site” ng Kawasaki City ay nagbibigay ng mga impormasyon sa pag-iwas sa sakuna at kalamidad para sa lungsod ng Kawasaki at mga kalapit na lugar.

Kawasaki city Disaster Prevention Portal site

Mayroon din website link ang bersyong「Maghanda Kawasaki」
https://portal.kikikanri.city.kawasaki.jp/

### Lumilindol ng malakas ! Ano ang gagawin mo sa ganitong sitwasyon？

・・・Kapag nasa loob ka ng bahay

Una, protektahan mo ang sarili mo
↓
Suriin ang kaligtasan ng paligid
↓
Hangga’t maaari, patayin ang apoy
↓
Huminahon at tumungo sa labasan
↓
Makipagtulungan sa mga kapitbahay

・・・Kapag nasa labas ka

Protektahan ang ulo sa mga bagay na nahuhulog
↓
Lumayo sa mga bagay na maaring matumba
↓
Maglakad sa paglikas（Sa halip na mag-kotse o mag-elevator）





＊＊＊＊＊＊＊＊＊＊＊＊＊＊＊＊＊＊＊＊＊＊＊＊＊＊＊＊＊＊＊＊＊＊＊＊＊＊＊＊＊＊＊＊＊＊＊＊＊＊＊＊＊＊＊＊＊＊＊＊＊＊＊＊＊＊＊＊＊＊

## Konsultasyon pangdayuhan sa Sentrong Pandaigdig ng Kawasaki

**Huwag mag-atubiling sumangguni kapag may alalahanin sa pamumuhay at may problema.**

**MAAARI DIN KUMUNSULTA ONLINE GAMIT ANG ZOOM！**

Oras ng Konsultasyon **9:00am-5:00pm（Bukas ng Sabado at national holiday）**
Telepono: ０４４-４５５-８８１１

Online reservation

Website ng Center

**Maaring kumunsulta kahit wala ang inyong wika at wala sa araw ng pagtawag ang nakatalagang staff ng inyong wika. (Gagamit ng interpreter phone)**

| Wika | Araw | Wika | Araw |
|---|---|---|---|
| Ingles | Lunes hanggang sabado | Intsik | Lunes hanggang sabado |
| Portugis | Martes at biyernes | Espanyol | Martes at miyerkules |
| Korean | Martes at huwebes | Filipino | Martes at miyerkules |
| Betnamis | Martes at biyernes | Taylandis | Lunes at martes |
| Indonisya | Martes at miyerkules | Nepalis | Martes at sabado |

## Libreng konsultasyon ng Administrative Scrivener

**Tuwing ika-3 Linggo ng Buwan, sa Nihonggo lamang, kung nais mag-pareserba ng interpreter, may bayad.**

Oktubre 20, 2024（Linggo）2:00pm-4:00pm 1F Meeting room ng Sentrong Pandaigdig ng Kawasaki

Nobyembre 17, 2024（Linggo）10:00am-4:00pm 1F Exhibition lobby ng Sentrong Pandaigdig ng Kawasaki (International festival)